



IMPORMASYON PARA SA MGA MANLALAKBAY

KALIGTASAN SA BUSH FIRE SA PAGMAMANEHO NG FOUR WHEEL DRIVE

Ang mga sunog ng bush at damo ay kadalasang tumatawid sa mga kalsada at highway. Ang usok ay nakakabawas sa malinaw na pagkakita at ang mga kalsada ay maaaring isarado nang walang babala.

Responsibilidad mo na tiyaking ikaw at ang iyong pamilya ay handa para sa bush fire, kahit na kayo ay naglalakbay nang malayo sa inyong bahay.

TSEKLIST NG PAGHAHANDA UPANG MAGLAKBAY

Ang mga bush fire ay nangyayari nang mabilis at walang babala. May mga mahalagang bagay na magagawa mo upang mabawasan ang panganib mula sa bush fire habang naglalakbay nang malayo sa inyong bahay.

BAGO KA UMALIS

- Tiyaking ang iyong bahay ay inihanda nang mahusay – ang bahay na inihanda nang mahusay ay mas malamang na makaligtas sakaling pagbantaan ito ng bush fire habang ikaw ay wala roon
- Sabihan ang isang tao kung saan mo planong pumunta at kung sino ang kasama mo
- Tingnan ang Fire Danger Rating (Antas ng Panganib ng Sunog) – kung mas mataas ang Antas ng Panganib ng Sunog, mas mapanganib ang mga kondisyon
- Pag-isipan ang pook na pupuntahan mo at kung ano ang gagawin mo kung magkaroon ng sunog – tukuyin ang kalapit na mga Neighbourhood Safer Places (Mga Mas Ligtas na Kalapit na Lugar)
- Tingnan ang Fires Near Me NSW smartphone application o website para sa kasalukuyang mga insidente o pagbabawas ng peligro sa pook – iwasan ang anumang di-kinakailangang paglalakbay sa mga pook na ito
- Magdala ng Emergency Survival Kit kung sakali man
- Itala ang mga mahalagang pagkukunan ng impormasyong pang-emerhensya – i-download ang Emergency+ smartphone application

HABANG Naglalakbay

- Subaybayan ang mga lagay ng panahon sa website ng Bureau of Meteorology
- Alamin ang pinakabagong impormasyon tungkol sa anumang kalapit na sunog gamit ang Fires Near Me NSW smartphone application at website
- Iwasang maglakbay o dumaan sa mga pook na itinaas ang mga Fire Danger Rating – ang iyong pinakaligtas na lugar ay laging ang malayo sa masukal na mga lugar
- Bago magsindi ng anumang apoy, tingnan ang mga paghihigpit at kung may nakadeklarang Total Fire Ban

Kung naglalakbay sa isang Pambansang Parke o Kagubatan ng Estado, maaaring may mga karagdagang paghihigpit.

KUNG IKAW AY NASA LUGAR NA KASALUKUYANG NASUSUNOG

Nasa isang kotse

- Iharap ang unahan ng iyong kotse sa sunog at pumarada nang wala sa kalsada sa isang walang sagabal na lugar na malayo sa mga puno, palumpong at talahib
- Isara ang mga bintana at daanan ng hangin
- Patayin ang makina at buksan ang mga ilaw sa harapan at mga ilaw-pampeligro
- Takpan ang iyong sarili ng blangket na yari sa lana at manatili sa loob ng kotse sa ibaba ng mga bintana upang protektahan ang iyong sarili laban sa matinding init
- Uminom ng maraming tubig at takpan ang iyong bibig ng mamasa-masang tela
- Manatiling nakayuko hanggang sa makalampas ang ingay ng sunog, maingat na lumabas sa kotse (ito ay magiging mainit)

Naglalakad

- Huwag matakot o tangkaing takbuhan ang sunog – kung may makikita kang paparating na usok, bumaling kang pabalik
- Humanap ng walang sagabal na lugar na may mga bato, mga hukay, pilapil, batis o kalsada upang protektahan ka at iwasan ang mga tuktok ng libis
- Manatiling nakayuko at takpan ang anumang nakalantad na balat
- Uminom ng tubig at takpan ang iyong bibig ng mamasa-masang tela

KUNG NANGANGANIB ANG IYONG BUHAY, TAWAGAN ANG TRIPLE ZERO (000) KAAGAD.

PANG-EMERHENSYANG IMPORMASYON TUNGKOL SA BUSH FIRE

Sa isang bush fire, mahalagang alam mo ang pinakabagong impormasyon tungkol sa sitwasyon sa inyong pook upang makagawa ka ng aksyon sa lalong madaling panahon. Lubos na hinihikayat ng NSW Rural Fire Service na laging nasa tabi mo ang mga numerong ito, mga link at mga app:



Sa isang Emerhensya, i-dial ang **Triple Zero (000)** kaagad



Fires Near Me NSW App



facebook.com/nswrfs



www.rfs.nsw.gov.au



twitter.com/nswrfs



Bush Fire Information Line
1800 NSW RFS (1800 679 737)



Makinig sa lokal na radyo, TV at mga balita,

PAGMAMANEHO NG FOUR WHEEL DRIVE SA MGA FIRE TRAIL (LANDAS PARA SA SUNOG)

Ang mga Fire Trail ay mahalagang bahagi ng pagtiyak na mapupuntahan ng mga bumbero ang mga sunog at ligtas na mapapatay ang mga ito. Ang mga ito ay ginagamit din upang pamahalaan ang panganib ng bush fire sa buong pook. Ang pag-access sa mga fire trail ay depende sa permiso na ibibigay ng natukoy na may-ari ng lupain.

Maaari mong tulungan ang NSW Rural Fire Service at mga ahensyang namamahala ng lupain na mentenahin ang mga fire trail sa pamamagitan ng:

- Pag-uulat ng pinsala sa landas
- Pag-uulat o pagtatanggal ng natumbang mga puno
- Iwasang magmaneho sa mga trail matapos umulan kung kailan ang mga landas ay mas malamang na basa at maputik.

Para sa karagdagang impormasyon kung ano ang iyong magagawa upang paghandaan ang bush fire sa panahong ito:



Website ng NSW Rural Fire Service
www.rfs.nsw.gov.au
www.myfireplan.com.au



Ang pinakamalapit na NSW RFS Fire Control Centre:



Linya ng Impormasyon para sa Bush Fire
1800 NSW RFS (1800 679 737)